

Webinar sa Update sa Komento ng Life Outcomes Improvement System o LOIS (Sistema ng Pagpapabuti ng mga Resulta sa Buhay)

Oktubre 30, 2025



MGA DAPAT MUNANG MALAMAN



Interpretación en español: haga clic en el globo blanco en la parte inferior de la pantalla con la etiqueta "Interpretation." Luego haga clic en "Spanish" y seleccione "Mute original audio."



Ang mga tagasalin sa ASL ay binigyang-pansin ("Spotlighted") at aktibo ang pag-caption para sa may kapansanan sa pandinig



Inirerekord ang pagpupulong na ito



Mga materyales at ang pag-rekord ay makukuha sa: <https://www.dds.ca.gov/lois>



Kung mayroon kang mga tanong pagkatapos ng update ngayong araw, mag-email sa kanila sa: LOIS@dds.ca.gov

ADYENDA

1. Mga Panimula

2. Ang Proyektong LOIS at Kasaysayan Nito

3. Ang Ating Diskarte sa Pakikinig

- Mga Kabuuan ng Paglahok

4. Ang Narinig Namin

Sa pangkalahatan, ang LOIS ay dapat...

- Pagbutihin ang Komunikasyon at Pakikipagtulungan
- Suportahan ang Transparensiya at Pananagutan
- Centralize na Impormasyon at Edukasyon
- Mga Proseso ng Awtorisasyon at Pagbabayad
- Suportahan ang Pagpapalano at Mga Resulta na Nakasentro sa Tao
- Pagbutihin ang Aksesibilidad at Kakayahang Magamit
- Isulong ang Pagkakapare-pareho sa Mga RC

5. Ano ang Susunod



PAMUNUAN NG DDS



Pete Cervinka, Direktor ng DDS



Aaron Christian, Punong Deputadong Direktor ng DDS

MGA TAGAPAG-UGNAY NG MISSION ANALYTICS



Cathy McCoy



Peggy O'Brien-Strain



JP Miller




Breck Frye



Vicky Wheeler



Kate Russell



Life Outcomes Improvement System

Ang LOIS ay magiging isang bagong, user-friendly na online system na idinisenyo upang gawing mas madali para sa mga indibidwal na may kapansanan sa intelektwal at pag-unlad, mga pamilya, at mga service provider na pamahalaan ang mga serbisyo, i-access ang kanilang impormasyon, at makipag-ugnayan sa mga sentrong pangrehiyon.

MGA SESYON NG PAKIKINIG SA LOIS (MGA TOWN HALL)

Ang Departamento, sa suporta ng Mission Analytics Group, ay nagho-host nang personal at virtual na mga town hall sa buong California upang direktang marinig mula sa mga indibidwal, pamilya, at service provider ang tungkol sa kung ano ang gusto nilang makitang kasama sa LOIS.

- Nangolekta kami ng impormasyon mula sa personal at online na feedback, mga chat, mga botohan, mga reaksiyon, at mga survey.
- Susuriin ng webinar na ito kung ano ang natutunan namin sa ngayon mula Hulyo 30 hanggang Oktubre 24, 2025, mga sesyon ng pakikinig.
- Ang mga sumusunod na slide ay nagbubuod sa sinabi ninyo sa amin na gusto niyong gawin ng sistema ng LOIS.



Hulyo - Oktubre 2025

Nakarinig kami sa mga indibidwal na pinaglilingkuran at mga pamilya sa personal at birtuwal na mga Town Hall

- Sacramento
- Berkeley
- Central Valley
- Los Angeles
- San Diego
- Very Northern CA (Birtuwal)
- 3 Birtuwal na mga Town Hall

Nagdaos din kami ng mga birtuwal na pagpupulong para sa mga tagapagbigay ng serbisyo

- Mga Serbisyong Residensyal
- ILS, SLS, at Trabaho sa Pangangalaga sa Saril
- Mga Tagapagbigay ng Serbisyo sa Pagtatrabaho
- Mga Espesyalisadong Serbisyo na Pang-terapyutiko at Propesyonal
- Mga Serbisyo sa Araw
- SDP na Bendedor ng Pahinga (Vendor of Respite), Tagapag-empleyo ng Rekord at Direksiyon ng Kalahok (Employer of Record and Participant Direction)
- Early Start (Maagang Pagsisimula) at Pag-unlad ng Sanggol
- Transportasyon

Mga Kabuuan ng Paglahok

	Mga Sesyon	Mga Dumalo
Indibidwal at Pampamilyang mga Town Hall	9	220
Sa Personal	5	84
Birtuwal	4	136
Mga Webinar ng Tagapagbigay ng Serbisyo	8	446
Kabuuan	17	666

IKINALUGOD NG MGA TAO ANG MGA TOWN HALL

Indibidwal at Pampamilyang Town Hall - Mga Resulta ng Survey

	Sa Personal	Birtuwal	Kabuuan
Komportable akong magbahagi sa Town Hall	95%	97%	96%
Gusto kong dumalo sa mga hinaharap na pulong ng LOIS	94%	89%	92%

"Nasasabik ako na ang DDS ay naghahanap ng puna mula sa publiko, lubhang naka-sentro sa tao na pananaw. Nagustuhan na ang lahat ng mga ideya ay hinihikayat. Hindi pinag-usapan ang publiko, sa halip ay isinama."

- Indibidwal mula sa Sacramento na Personal na Kaganapan

"Masarap magbigay ng puna at makaramdam na napapakingan ka - parang talagang nakikinig ang DDS sa komunidad."

- Indibidwal mula sa Birtuwal na Town Hall

"Sabik akong matuto nang higit pa tungkol sa mga makabagong ideya para mapahusay ang aming kakayahan para suportahan ng pinakamahusay ang aming mga kliyente."

- Dumalo mula sa SDP, Mga Bendedor ng Pahinga, Webinar ng Taga-Empleyo at Naka-direkta sa Kalahok

Pagbubuod ng Komento sa Town Hall

Pinagsama-sama ng misyon ang aming narinig/nabasa mula sa 17 Town Hall at Webinar (mga tala, transcript, komento, chat, botohan)

Hakbang 1: Natukoy namin ang 7 mataas na antas na mga tema

Hakbang 2: Minarkahan namin ang komento ayon sa tema at ayon sa paksa sa loob ng tema

Hakbang 3: Niranggo namin ang pitong tema ayon sa kung gaano kadalas lumabas ang mga ito, at sa loob ng mga tema, kung gaano kadalas lumabas ang bawat paksa

Tatalakayin natin ang 7 mga tema, habang binibigyang-diin ang nangungunang 2 paksa sa bawat isa at pagkatapos ay magbibigay ng pangkalahatang-ideya ng iba pang mga paksa

SA KABUUAN, ANG LOIS AY DAPAT...



Pagbutihin ang Komunikasyon at Pakikipagtulungan



Suportahan ang Transparensiya at Pananagutan



Centralize na Impormasyon at Edukasyon



Pahusayin Pagbabayadang Awtorisasyon at Mga Proseso ng



Suportahan ang Pagpaplano at Mga Resulta na Nakasentro sa Tao



Pagbutihin ang Pagiging Naa-access Pagiging Madaling Gamitin ng Sistema



Isulong ang Pagkakapare-pareho sa mga Sentrong Pangrehiyon

Maaaring mapabuti ng LOIS **ang Komunikasyon at Pakikipagtulungan** sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

1. Espasyo para sa **pagbabahagi ng dokumento at kolaboratibong pag-e-edit**

- ✓ Ang kakayahang mag-upload ng mga dokumento ay magbabawas ng oras at mga kamalian mula sa manu-manong pagpasok
- ✓ Pahintulutan ang mga indibidwal at pamilya na tumingin/magkomento sa Mga Plano sa Indibidwal na Programa (Individual Program Plan o IPP) at mga sumusuportang dokumento para ihanda at tapusin ang mga IPP
- ✓ Pahintulutan ang mga tagapag-ugnay ng serbisyo, mga indibidwal at pamilya na tingnan at magkomento sa Mga Plano sa Indibidwal na Serbisyo (Individual Service Plan o ISP)
- ✓ Suportahan ang katumpakan ng impormasyon at iwasto ang mga mali
- ✓ Patunayan ang impormasyon sa pamamagitan ng pag-upload ng sumusuportang dokumentasyon
- ✓ Bawasan ang pangangailangang magsumite ng mga dokumento sa iba't ibang sistema

“Maraming mga pagkakataon na mayroon silang mga pagsangguni, marami silang mga dokumento na pabalik-balik. At mahirap ipadala ang lahat ng mga file na iyon, kaya kung mayroong paraan na maiimbak ng LOIS ang mga iyon para ma-access ng mga may interes na partido, iyon ay maaaring maging lubhang kapaki-pakinabang.

- Dumalo sa Town Hall ng Tagapagbigay ng Residenyal na Serbisyo

Maaaring mapabuti ng LOIS **ang Komunikasyon at Pakikipagtulungan** sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

2. Ang opsyon para sa **totoong oras (real-time)** na pagmemensahe sa mga kawani ng **sentrong pangrehiyon at mga abiso**

- ✓ Mga pagpipilian sa live chat o pagmemensahe
- ✓ Mga abiso na ipinadala para sa mga pagbabago sa katayuan gaya ng mga pag-apruba o pagtanggi
- ✓ Mga paalala sa pagpupulong
- ✓ Makatanggap ng mga anunsyo o update sa pamamagitan ng mga abiso
- ✓ Sentralisadong portal para sa komunikasyon na nagbibigay-daan para sa mga mensahe na matugunan ng maraming kawani ng sentrong pangrehiyon

“[Sa isang lugar] maaari kang makipag-ugnayan sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo, hindi lamang sa pamamagitan ng email, ngunit kung ito ay ang iyong tagapag-ugnay sa SDP o ang kanilang tagapamahala o isang tao, ng opisyal ng araw, kung ito ay mga pangkalahatang katanungan lamang na mayroon ka. Upang ma-click iyon at pagkatapos ay ipadala sa kanila ang [isang mensahe] sa mismong portal, iyon ay isang opsyon na kasama na ng ilan sa mga platform na ito.”

-Kalahok sa Berkeley Town Hall

Maaaring **Mapabuti** ng LOIS **ang Komunikasyon at Pakikipagtulungan** sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

1. Espasyo para sa **pagbabahagi ng dokumento at kolaboratibong pag-e-edit**
2. Ang opsyon para sa **totoong oras (real-time) na pagmemensahe** sa mga kawani ng sentrong pangrehiyon at **mga abiso**
3. Napapanahong **impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa tagapag-ugnay ng serbisyo, kabilang ang mga tagapamahala**
4. **Abiso ng mga pagbabago sa tagapag-ugnay ng serbisyo**
5. Access sa isang **master na kalendaryo para sa pag-iskedyul ng mga pulong (IPP, atbp.)**
6. Isang mapagkukunan para sa **komunikasyon sa emergency at krisis**
7. Mag-opt-in para sa **mga alerto para sa mga pagbabago** (paglipat ng mga tauhan, mga pagbabago sa iskedyul)

1. Bisibilidad sa **mga pangunahing proseso at timeline** para sa mga indibidwal, pamilya, at bendedor

- ✓ Isang visual tracker na nagpapaalam sa mga user kung nasaan na ang mga bagay sa proseso ng pag-apruba at ang timeline para sa susunod na hakbang
- ✓ Pag-unawa sa proseso kasunod ng pagbabahagi ng mga dokumento, awtorisasyon, at mga kahilingan
- ✓ Malinaw na mga inaasahan tungkol sa mga takdang panahon ng proseso
- ✓ Indikasyon kung sino ang may pananagutan sa bawat yugto ng isang proseso

“Nasa pagsasarili ako, kaya kung isinumite ko ang pagbabago ng plano sa paggastos, ano ang kalagayan niyan? Natanggap na ba? Tinitingnan ba ito? May hinihintay ba tayo? May impormasyon ba? Ano ang kalagayan? Kailan ang huling pagkakataong may tumingin nito?”

- Kalahok sa Sacramento Town Hall

Maaaring **SUPPORTAHAN** ng LOIS ang **KALINAWAN AT PANANAGUTAN** sa pamamagitan ng pagbibigay ng

2. Access para sa mga indibidwal at pamilya upang tingnan **ang mga makasaysayang talaan**

- ✓ Tingnan ang mga nakaraang IPP at iba pang mga dokumento upang suportahan ang pagpaplanong nakasentro sa tao
- ✓ Pahintulutan ang kontrol sa mga talaan ng mga nakaraang indibidwal – kung ano ang ibinabahagi at hindi ibinabahagi
- ✓ Gamitin ang mga nakaraang dokumento bilang panimulang punto, kung naaangkop
- ✓ Suportahan ang mas maayos na mga transition gamit ang access ng bagong bendedor o sentrong pangrehiyon sa mga nakaraang record
- ✓ Pagaanin ang pag-iingat ng administratibong pasanin para sa mga indibidwal at pamilya

"Mayroong ilang mga email na ipinadala sa akin ng aking tagapag-ugnay ng serbisyo, at sila ay nawawala pagkatapos ng 60 araw. Kaya sa LOIS, finitiyak na ang dokumentasyong iyon, naroroon nang permanente para magkaroon ng madaling [pag-access]."

- Kalahok sa Berkeley Town Hall

Maaaring **SUPPORTAHAN** ng LOIS ang **KALINAWAN AT PANANAGUTAN** sa pamamagitan ng pagbibigay ng

1. Kakayahang makakita sa mga pangunahing **proseso at takdang panahon**
2. Access para sa mga indibidwal at pamilya upang tingnan **ang mga makasaysayang talaan**
3. Suporta para sa **kakayahang tumugon ng tagapag-ugnay ng serbisyo** at isang pagkakataon upang iangat ang mga kahilingan o komunikasyon
4. Kakayahang **subaybayan ng mga indibidwal at pamilya ang pag-unlad ng IPP/layunin**, kabilang ang mga hindi natutugunan na pangangailangan
5. Kakayahang **ibahagi at tingnan ang komento sa mga bendedor**
6. Kakayahang **subaybayan at tingnan ang mga pagsusumite ng Tala ng mga Espesyal na Insidente (Special Incident Report o SIR)**.
7. Isang oportunidad na **subaybayan ang mga oras ng serbisyo** sa totoong oras (real-time)

Gawing sentralisadong lugar ang LOIS para sa **IMPORMASYON** at **EDUKASYON**, sa pamamagitan ng pagsasama ng:

1. Ang mga mapagkukunan ng pagsasanay at mga tutorial/video na pang-edukasyon sa LOIS at ang mga sistema ng sentrong pangrehiyon ay makakatulong

- ✓ Video na "how-to" (paano gagawin) para sa mga indibidwal, pamilya, at bendedor sa mga karaniwang aktibidad (mga kinakailangang form, pagpili ng mga serbisyo, atbp.)
- ✓ Train-the-trainer approach at onsite na suporta sa mga sentrong pangrehiyon para tulungan ang mga tao na mag-navigate sa bagong sistema
- ✓ Mga link at madaling pag-access sa umiiral na impormasyong pang-edukasyon, mga mapagkukunan at mga nakaraang pagsasanay
- ✓ Isang sistema ng pag-imbak para sa mga gabay sa serbisyo, mga pag-check-in, karaniwang mga dokumento/form
- ✓ Impormasyon sa sentrong pangrehiyon para sa publiko

“Tinatanong ako ng mga pamilya kung ano ang aasahan, at sinisikap kong ipaliwanag ito sa abot ng aking makakaya, ngunit sigurado akong may nakakalimutan ako. Maganda kung maididirekta ang pamilya sa paggamit ng sistema ng LOIS. Marahil ay maaaring mag-alok ng oryentasyon sa mga pamilya sa pamamagitan ng LOIS.”

- Kalahok sa Town Hall ng Early Start

Gawing sentralisadong lugar ang LOIS para sa **IMPORMASYON at EDUKASYON**, sa pamamagitan ng pagsasama ng:

2. Oportunidad upang mahanap/tuklasin ang mga opsyon sa serbisyo, tulad ng **mga nahahanap na database/menu ng serbisyo**

- ✓ Isang komprehensibong menu ng serbisyo para sa lahat ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon
 - Mahahanap ayon sa mga katangian (ibig sabihin, hanay ng edad, heograpiya, mga interes, atbp.)
 - May kasamang paglalarawan ng serbisyo at ang mga bendedor na nagbibigay ng bawat serbisyo
 - Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga bendedor upang matuto nang higit pa tungkol sa kanilang mga serbisyo (ibig sabihin, mag-iskedyul ng paglilibot)
- ✓ Pag-link sa Direktoryo ng Tagapagbigay na kasalukuyang ginagawa

"Ni hindi ko alam kung ano ang magagamit para sa aking halos 20 taong gulang na anak, na nagpapahirap sa akin na kumbinsihin siya na gawin ang mga bagay sa labas ng bahay. Gusto ko mula sa sistemang ito ng isang uri ng mahahanap na database: ito ang aking edad; ito ang aking mga interes; ito ang antas ng aking kapansanan. Hindi ko alam kung paano gagawin iyon, pero ang makahanap ng mga bagay na kinaiiinteresang niya, na hinahanap niya, hindi si nanay ang naghahanap.

– Kalahok sa Town Hall sa Berkeley

Gawing sentralisadong lugar ang LOIS para sa **IMPORMASYON** at **EDUKASYON**, sa pamamagitan ng pagsasama ng:

1. **Mga mapagkukunan ng pagsasanay** at **mga tutorial/video na pang-edukasyon** sa LOIS at ang sistema ng sentrong pangrehiyon
2. Oportunidad upang mahanap/tuklasin ang mga opsyon sa serbisyo, tulad ng **mga nahahanap na database/menu ng serbisyo**
3. Isang forum para sa **mga mapagkukunan ng komunidad** at **mga direktoryo ng tagapagbigay**
4. Mga kagamitan (tool) upang matulungan ang mga indibidwal, pamilya, at bendedor na maunawaan **ang mga proseso at kinakailangan ng sentrong pangrehiyon**
5. Mga mapagkukunan na **sumusuporta sa pagtataguyod sa sarili**
6. Mga mapagkukunang may madaling maunawaan **na mga kahulugan para sa mga acronym at jargon**

Sa LOIS, **ang MGA PROSESO SA AWTORISAYON AT PAGBABAYAY** ay maaaring:

1. Pahusayin **ang paggana (functionality)** para sa pagsingil at paggawa ng bayarin:

- ✓ Kakayahang maghanap ng mga bayarin
- ✓ Mga alerto na nagpapahiwatig ng nawawalang impormasyon
- ✓ Kakayahang magpatakbo ng mga ulat batay sa mga tanong (ibig sabihin, katayuan ng bayarin, UCI, atbp.)
- ✓ Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa kung sino ang dapat makipag-ugnayan upang malutas ang mga mali at magtanong
- ✓ Pagpipilian upang mag-upload ng panloob na dokumento sa pagsingil upang mabawasan ang manu-manong pagpasok

"Sa tingin ko, iyon ang marami sa nakikita ko tungkol sa sistemang ito, ay ang kakayahang potensyal na mag-automate para sa mga RC, dahil mayroon silang isang hindi kapani-paniwalang bigat na dapat dalhin, at pagkatapos ay para sa mga bendedor na gawing mas madali, at pagkatapos, siyempre, para sa mga pamilya na ma-access ang impormasyong iyon."

- Kalahok sa Town Hall ng Early Start

Sa LOIS, ang **MGA PROSESO SA AWTORISAYON AT PAGBABAYAY** ay maaaring:

2. **I-streamline ang serbisyo awtorisasyon & mga protokol ng bendorisasyon**

- ✓ Mga form na maaaring punan na may opsyon para sa mga elektronikong lagda
- ✓ Pagkakataon na mag-upload ng mga form at mga sumusuportang dokumento
- ✓ Awtomatikong ikalat (populate) ang duplikadong impormasyon sa mga form
- ✓ Mga checklist para sa bawat proseso ng bendedor na may mga link sa higit pang impormasyon at mapagkukunan
- ✓ Pinaikling proseso para sa pagdaragdag ng mga kodigo ng serbisyo sa mga umiiral nang bendorisasyon
- ✓ Pagpapalitan ng datos sa mga ahensya ng kasosyo (DOR, DSS) upang bawasan ang impormasyong hinihiling para sa mga bendedor

“Noong ginagamot ko ang mga bata, sasabihin ng tagapag-ugnay ng serbisyo na 'naaprubahan ka, simulan ang mga serbisyo,' ngunit pagkatapos ay palagi naming nakukuha itong sumasalungat na mensahe, ibig sabihin, 'hindi ka makakapagsimula ng mga serbisyo hanggang sa makuha mo ang aktwal na awtorisasyon.' Ngunit hindi mo nais na maantala, alam mo na ang bata ay nangangailangan ng serbisyo, at kaya ikaw ay naguguluha. Maganda sana na makayanan natin para mabawasan ang gap na iyon.”

- Kalahok sa Town Hall ng Early Start

Sa LOIS, **ang MGA PROSESO SA AWTORISAYON AT PAGBABAYAY** ay maaaring:

1. Pahusayin **ang paggana (functionality)** para sa pagsingil at **paggawa ng bayarin:**
2. **I-streamline ang serbisyo** mga protokol ng awtorisasyon at **vendorization**
3. Pagbutihin **ang pamamahala** at **kakayahang makita ang Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS).**
4. I-automate **ang pagpapalitan ng datos** at **pagsasama ng sistema**
5. Lumikha ng mas mabilis na **mga oras ng pagproseso** ng sentrong pangrehiyon
6. Dagdagan **ang katumpakan ng pagbabayad** at mas madaling **paglutas ng mali**
7. Lumikha **ng Pare-parehong mga format ng POS** at **mga pamamaraan sa pagsingil**

Ang sistema ng LOIS ay maaaring **SUPORTAHAN ANG PAGPAPLANO AT MGA RESULTA NA NAKASENTRONG TAO** sa pamamagitan ng:

1. Kabilang ang mga tampok (feature) na nagpapadali **sa paghahanda, pagiging na-access, at pleksibilidad ng IPP**

- ✓ Madaling online na access sa mga IPP para sa mga indibidwal, pamilya, at bendedor
- ✓ Mga Modular na IPP na maaaring kumpletuhin at suriin sa mga baha-bahagi, sa paglipas ng ilang pagpupulong
- ✓ Mga paalala sa pagpupulong na may mga materyales sa paghahanda (adyenda, balangkas, mga tanong)
- ✓ Pagpipilian na magpadala ng mga komento at tanong bago ang mga pagpupulong ng IPP
- ✓ Mga madaling paraan upang itama ang mga mali at humiling ng mga update
- ✓ Madaling gamitin na mga elektronikong lagda

"Maganda kung ang LOIS ay maaaring magkaroon ng imbakan ng panghuling IPP at iba pang mga dokumento na maaaring kailanganin ng kliyente na ma-access nang madalas. Sa ganitong paraan, ang mga kliyente ay maaaring maglingkod sa sarili at hindi umasa sa tagapag-ugnay ng serbisyo."

-Kasali sa Town Hall sa Gabi

Ang sistema ng LOIS ay maaaring **SUPORTAHAN ANG PAGPAPLANO AT MGA RESULTA NA NAKASENTRONG TAO** sa pamamagitan ng:

2. Nagbibigay-daan sa mga indibidwal na kontrolin ang kanilang impormasyon nang may **pahintulot at pamamahala ng mga pahintulot**

- ✓ Gustong malaman ng mga indibidwal at magkaroon ng pasya kung sino ang may access sa kanilang impormasyon
- ✓ Limitahan ang pagbabahagi ng impormasyon ayon sa antas ng tungkulin at pahintulot (may antas na pag-access)
- ✓ Dapat ipaalam sa mga indibidwal ang kanilang karapatang magbahagi o hindi magbahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng LOIS
- ✓ Isama ang kakayahan ng mga indibidwal na takpan o alisin ang hindi gustong impormasyon
- ✓ Magsama ng opsyon para harangan ang access sa ilang partikular na dokumento o impormasyon

"Kaya bilang isang ina, gusto kong kunin ang aking computer, iPad o iPhone, gamit ang aking username at password, maaari kong i-set up ang profile ng aking anak, kasama ang Tagapag-ugnay ng Serbisyo, maaari ko lang i-set up ang antas ng pagbabahagi. Kung ano ang ibabahagi ko. Ngayon ay nagpapadala kami ng papel sa lahat ng dako, kaya ang pag-access sa cyber security (seguridad sa cyber) ay mas ligtas."

- Kalahok sa Town Hall sa San Diego

Ang sistema ng LOIS ay maaaring **SUPORTAHAN ANG PAGPAPLANO AT MGA RESULTA NA NAKASENTRONG TAO** sa pamamagitan ng:

1. Kabilang ang mga tampok (feature) na nagpapadali **sa paghahanda, pagiging naa-access, at pleksibilidad ng IPP**
2. Pagpapahintulot sa mga indibidwal na kontrolin ang kanilang impormasyon nang may **pahintulot at pamamahala ng mga pahintulot**
3. Nag-aalok ng mga mapagkukunan na nag-uudyok **sa pagpapalano para sa hinaharap**, kabilang ang mga paglipat ng tagapag-alaga
4. Pag-uudyok sa mga indibidwal na **makisali sa pagtatakda ng layunin at pagsubaybay sa pag-unlad** patungo sa kanilang mga layunin
5. Pagkuha at pagsubaybay **samga resulta** at **mga indibidwal na kagustuhan** (hal., pabahay)
6. Ang pagtiyak na **hindi mapapalitan ng LOIS at birtuwal na komunikasyon ang personal na pakikipag-ugnayan** o **ilipat ang responsibilidad** sa mga indibidwal o pamilya

Kailangang tumuon sa **Pagiging Naa-access at Pagiging Madaling Gamitin ng Sistema**, kabilang ang:

1. **Pagtugon sa mga hadlang sa digital na access** kabilang ang limitadong internet, iba't ibang kaalaman sa teknolohiya, multi-factor na pagpapatotoo at mga alternatibo sa pag-encrypt

- ✓ Simple, madaling i-navigate ang interface ng gumagamit
- ✓ Upang suportahan ang pag-access sa mga komunidad na may limitadong internet:
 - Walang putol na pag-access sa mga aparato, lalo na sa mga telepono
 - Pagpipilian upang ma-access ang isang offline na bersyon ng sistema
- ✓ Isaalang-alang ang mga alternatibo sa multi-factor na pagpapatotoo

"Ang mga taong pinaglilingkuran ay dapat na nasa gitna ng kagamitan na ito. Ngunit hindi lahat ay may access sa matatag na internet, mga modernong aparato, o mga kasanayang kinakailangan upang mag-navigate sa isang online na sistema tulad ng LOIS. Ang mungkahi ko ay ang LOIS ay magsama ng mga opsyon gaya ng mga pinasimpleng bersyon na gumagana nang may limitadong koneksyon, mga helpline sa telepono, at pagsasanay na naa-access ng mga gumagamit at kanilang mga pamilya. Sa ganitong paraan, matitiyak natin na ang LOIS ay isang tunay na inklusibong kagamitan na idinisenyo para sa lahat ng taong pinaglilingkuran.

- Kalahok sa Town Hall sa Northern CA (isinalin mula sa Espanyol)

Kailangang tumuon sa **Pagiging Naa-access at Pagiging Madaling Gamitin ng Sistema**, kabilang ang:

2. Pag-tanggap sa **gustong wika, antas ng literasiya, at iba pang pangangailangan ng gumagamit**

- ✓ Mag-alok ng pagsasalin ng mga dokumento at suporta sa pag-access sa gustong wika, kasama ang ASL (ibig sabihin, mga video)
- ✓ Idokumento at tanggapin ang mga kagustuhan sa kultura at relihiyon
- ✓ Limitahan ang paggamit ng jargon at gumamit ng simpleng wika at mga bisuwal na suporta sa kabuuan
- ✓ Gawing naa-access sa mga screen reader at iba pang pantulong na teknolohiya at nag-aalok ng kakayahang awtomatikong magsalaysay ng napiling teksto
- ✓ Isalin ang mga direktiba at regulasyon ng Departamento sa mas simpleng wika

“Ang buong interface ng indibidwal-pamilya ay kailangang nakasentro sa tao, simple, at madali para sa mga indibidwal, pamilya na makakonekta at maproseso, kabilang ang mga bisuwal. Hindi binabaha ng sobrang teknikal na wika. Upang magamit, ang mga tao ay kailangang makakonekta at makaugnay dito, makapag-navigate, atbp.

– Kalahok sa Sesyon ng Town Hall sa Gabi

Kailangang tumuon sa **Pagiging Naa-access at Pagiging Madaling Gamitin ng Sistema**, kabilang ang:

1. **Pagtugon sa mga hadlang sa digital access** kabilang ang limitadong internet, iba't ibang teknolohiyang literasiya, multi-factor na pagpapatotoo, at mga alternatibo sa pag-encrypt
2. Pagtanggap sa **gustong wika ng gumagamit, antas ng literasiya, at mga pangangailangan sa tirahan**
3. Pagbabalanse ng access at pribasiya gamit ang **mga kontrol sa access na nakabatay sa pahintulot**
4. Ang paggalugad ng **artipisyal na katalinuhan (artificial intelligence** o AI) para sa indibidwal na suporta, gaya ng mga rekomendasyon sa serbisyo
5. Ang kakayahang **ma-access ang LOIS sa mga iba't-ibang platform** kabilang ang telepono, tablet, at computer

Ang bagong LOIS system ay isang pagkakataon na **UMUNLAD** **ANG PAGKAKAPARE-PAREHO SA RC** na may:

1. **Standardized na mga form, dokumento, at materyal na pang-impormasyon** para sa lahat ng 21 na mga sentrong pangrehiyon

- ✓ Mga pare-parehong template at mga form na maaaring punan para mabawasan ang mga pagkakamali
- ✓ Central na lokasyon na may mga standardized na form at kagamitan (mga application, referral form, atbp.)
- ✓ Proseso ng pagsusumite ng form na nagbibigay-daan sa paggamit para sa maraming layunin (sa mga code ng serbisyo o mga sentrong pangrehiyon)

“Napakahalaga ng standardisasyon. Kung naghahanda ako ng plano sa paggastos para sa SDP, isang tagapag-ugnay ng serbisyo ang nagsasabing “ay hindi, hindi ganoon ang kalkulasyon.” Kaya mayroon akong nakasulat na paliwanag kung ano ang ibig sabihin [nito], pag-round out kung ano ang ibig sabihin kapag mayroon kang mga pagkakamali sa pamamagitan ng mga decimal, dalawang decimal, lahat ng mga decimal, kailangan kong ipaliwanag.”

-Kalahok ng San Diego Town Hall

2. Mga pare-parehong proseso at patakaran para sa mga bendedor at indibidwal

- ✓ Ipatupad ang mga pangunahing proseso tulad ng pagbebendor at IPP nang tuluy-tuloy sa mga sentrong pangrehiyon
- ✓ Tiyakin na ang mga kinakailangan ng bendedor ay pare-parehong ibinabahagi at binibigyang-kahulugan sa mga sentrong pangrehiyon
- ✓ Gawing pamantayan ang mga inaasahan sa oras at mga pamamaraan ng pagdami
- ✓ Sanayin ang mga sentrong pangrehiyon upang itaguyod ang pagkakapare-pareho sa pagsasanay

"Itong [sentrong pangrehiyon] ang nagpapasya, hindi, ganito yon. Pero ang sabi ng isang ito, Hindi, ganoon iyon, at kung gusto natin ng anumang koordinasyon sa pagitan nila, ito ay bumalik sa DDS, at maaaring sabihin ng DDS na 'Well, hindi pa natin alam kung ano ang gagawin' at ito ay lumilikha ng pagkabigo."

- Kalahok sa Town Hall sa San Diego

Ang bagong LOIS system ay isang pagkakataon na **UMUNLAD**
ANG PAGKAKAPARE-PAREHO SA RC na may:

1. **Standardized na mga form, dokumento, at materyal na pang-impormasyon** para sa lahat ng 21 na mga sentrong pangrehiyon
2. **Mga pare-parehong proseso at patakaran** para sa mga bendedor at indibidwal
3. **Ang kadalian sa pagdadala sa mga sentrong pangrehiyon** upang ang impormasyong ibinahagi ng mga bendedor at indibidwal na may isang sentrong pangrehiyon ay maaaring ma-access ng isa pang sentrong pangrehiyon, kapag naaangkop
4. **Mga pare-parehong takdang panahon** para sa mga proseso ng sentrong pangrehiyon, kabilang **ang mga inaasahan sa pagtugon**

PAGSUSURI NG TAKDANG PANAHON NG LOIS



Ang pagpapalabas ng RFI ay magpapahusay sa pag-unawa ng Departamento sa kung paano maaaring suportahan ng mga potensyal na bendedor ng software ang pag-unlad ng LOIS

Sa panahon ng proseso ng RFI ang Departamento ay:

- Makipagtulungan sa mga interesado, potensyal na bendedor ng software upang matutunan kung paano matutugunan ng kanilang mga solusyon ang mga kinakailangan ng LOIS
- Bumuo ng paunang potensyal na mga pagtatantya sa gastos at takdang panahon para sa pagdidisenyo, pagbuo, pagsubok at paglulunsad ng LOIS

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Ang Kagawaran ay:

- Ilabas ang Request for Information (RFI) sa Nobyembre 2025 & i-post ito online sa www.dds.ca.gov/lois
- Kumuha ng mga karagdagang detalye mula sa komunidad upang sagutin ang mga tanong ng bendedor ng software, kung kinakailangan
- Patuloy na ipalaganap ang kamalayan sa proyekto ng LOIS sa buong estado
- Tulungan ang mga tao na maunawaan at manatiling konektado sa buong proyekto ng LOIS

Nasasabik kaming gawin itong susunod na hakbang sa proyekto kasama kayo!

SALAMAT!

**Kumuha ng Mga Update
tungkol sa LOIS sa Iyong
Inbox:**

**Mag-sign up para sa aming
Bridges newsletter!**



www.dds.ca.gov/newsletter

